# Papel ng mga Katotohanan: Tinitiyak na Pantay-pantay ang Akses ng mga Estudyante sa Mga Resources ng Edukasyon Nang Walang Pagkiling sa Lahi, Kulay o Bansa na Pinagmulan

Animnapung taon pagkatapos ideklara ng Kataas-taasang Hukuman sa *Brown V. Lupon ng Edukasyon* na ang pampublikong edukasyon "ay isang karapatan na dapat ilaan sa lahat nang pantay-pantay," patuloy ang pakikipagbalikatan ng Kagawaran ng Edukasyon sa mga naglalaan ng edukasyon upang tiyakin ang pagkakapantay-pantay sa edukasyon upang magtagumpay ang lahat ng estudyante sa paaralan, karera at sa buhay.

Sapagkat may karapatan ang lahat ng estudyante sa pantay-pantay na mga pagkakataon sa edukasyon nang walang pagkiling sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan, ang Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ay nagpadala ng Liham sa Mahal Na Kasamahan na nagtatampok at nagpapaliwanag sa mga hinihingi ng Federal na Batas ukol sa paglalaan ng mga resources ng edukasyon, kung paano iniimbestigahan ng OCR ang mga hindi pare-parehong paglalaan ng resources, at kung ano ang magagawa ng mga Estado, mga distrito ng paaralan, at mga paaralan upang matugunan ang kanilang mga obligasyon sa lahat ng estudyante. Sinususugan ng gabay na dokumentong ito ang balakin ng Administrasyon ukol sa pagkakapantay-pantay, kabilang ang mga pagsisikap para sa pagkakapantay-pantay na inanunsyo ng Kagawaran kamakailan lamang.

## ***Mga Hinihingi ng Federal na Batas sa Mga Estado, Distrito ng Paaralan, at Pampublikong Paaralan***

- Ang Pamagat VI ng Panukala para sa Karapatang Sibil ng 1964 (Pamagat VI) na ipinatutupad ng OCR ay Federal na sibil na batas na nagbabawal sa diskriminasyon ng lahi, kulay o bansa na pinagmulan. Saklaw ng Pamagat VI ang lahat ng operasyong tumatanggap ng mga Federal na pondo, kasama ang bawat Estado, distrito ng paaralan, at pampublikong paaralan sa bansa.

- Sa ilalim ng Pamagat VI, hindi dapat tratuhin ang mga estudyante ng mga Estado, distrito ng paaralan, at paaralan nang hindi pantay-pantay ayon sa lahi, kulay, o bansa na pinagmulan sa paglalaan ng mga resources ng edukasyon.

- Sa ilalim ng Pamagat VI, ang mga Estado, distrito ng paaralan, at mga paaralan ay hindi dapat magpatupad ng mga patakaran o kalakaran sa paglalaan ng mga resources ng edukasyon na magkakaroon ng hindi pantay na epekto sa mga estudyante ng isang partikular na lahi, kulay, o bansa na pinagmulan, maliban lamang kung mga mga patakaran at kalakaran ay kailangan sa edukasyon at walang epektibong katapat na makakaabot sa parehong mga layunin nang may mas kaunting masamang epekto.

**[OCR-00076-TL]**

***Paano Iniiimbestigahan ng OCR ang Akses sa mga Resources sa Edukasyon***

- Iniimbestigahan ng OCR ang mga reklamo at nagsusulong ng mga pro-active na mga pagrepaso sa mga paaralan, distrito ng paaralan, at mga Estado, upang matukoy kung may diskriminasyon ang mga ito sa lahi, kulay, o bansa na na pinagmulan sa kanilang paglalaan ng mga resources ng edukasyon. Tinitingnan ng OCR ang kabuuan ng dami at kalidad ng mga pagkakaiba sa mga akses ng mga estudyante sa mga programa, mahusay na pagtuturo, pasilidad, teknolohiya, kagamitan para sa pagtuturo, at iba pang resource.

- Isinasaalang-alang sa mga imbestigasyon ng OCR ang mga kasalukuyang pagsisikap ng mga Estado, distrito ng paaralan, at mga paaralan sa pagpapaunlad ng pagkakapantay-pantay ng resources, kasama ang pagpapahusay sa pagpapakita ng datos, paglikha ng mga bagong sistema ng suporta sa edukasyon at mga plano sa pagkakapantay-pantay, at paglipat sa mga bagong pamantayan at mga pagtatasa.

- Ang mga Estado, distrito ng paaralan, at paaralan na pro-active at epektibong kumikilos upang tukuyin at tugunan ang mga dahilan at epekto ng kawalan ng pagkakapantay-pantay sa paglalaan ng resources ayon sa lahi, kulay, o bansa na pinagmulan ay mas malamang na hindi lumalabag sa Pamagat VI. Maaari ang nasabing mga pro-active na pagkilos na makatulong din sa mga Estado, distrito ng paaralan, o paaralan sa pansariling pagtukoy at paglunas sa mga paglabag.

- Ang paghahambing ng paglalaan ng mga resource sa lahat ng paaralan at distrito ng paaralan ay dinisenyo upang sukatin ang karampatang alokasyon ng pantay-pantay na *pagkakataon* para sa edukasyon ng mga estudyante. Maaari ang probisyon ng mga pantay-pantay na pagkakataon ay mangailangan ng mas marami o mas kaunting pondo batay sa lugar ng paaralan o distrito ng paaralan, kalagaaynng umiiral na pasilidad, at sa partikular na mga pangangailangan ng mga estudyante tulad ng mga nag-aaral ng Ingles at ng mga estudyanteng may kapansanan. Samakatuwid, ang simpleng paghahambing ng halaga ng pondo na ibinibigay sa bawat paaralan o distrito ng paaralan ay hindi makabubuo ng katibayan para sa pagsunod o paglabag sa Pamagat VI.

- Nakatutok ang mga imbestigasyon ng OCR sa lawak at tindi ng hindi pagkakapantay-pantay sa paglalaan ng resources, at kung mas pinalalala pa ito ng mga patakaran at kalakaran ng Estado, distrito ng paaralan, o ng paaralan. Ang mga Estado, distrito ng paaralan, o paaralan na may kapansin-pansing diskriminasyon sa lahi sa pagbibigay ng akses sa partikular na resources o nagpapakita ng mga paulit-ulit na pagkiling sa lahi sa malawak na saklaw ng resources ay mas malamang na lumalabag sa Pamagat VI.

- Mababasa sa impormasyon sa Liham para sa Mahal na Kasamahan ng OCR ang maaasahang paraan sa pagsasagawa ng mga imbestigasyon hinggil sa pagkakapantay-pantay at nagsisililbing kasangkapan sa pagtatasa para sa mga Estado, mga distrito ng paaralan, at ng paaralan upang tiyakin ang kanilang pagsunod sa federal na batas. Sinususugan ng liham ang gabay sa pagkakapantay-pantay ng mga resource na inisyu ng Kagawaran noong 2001.

***Mga Halimbawa ng Mga Resource Para Sa Edukasyon at Mga Panukalang Maaaring Isaalang-Alang ng OCR***

- Mga Kurso, Programang Akademiko, at Pagkakataon na Ekstra-kurikular: Pantay-pantay na akses sa mga programang akademiko, co-kurikular, at ekstra-kurikular (tulad ng mga programa para sa pre-kindergarten, sa mga may kakaibang kaloob at talento, para sa paghahanda sa kolehiyo, mga Paunang Paglalagay/International Baccalaureate, mga sining, at atlethics).

- Mga Guro at mga Pinuno: Pantay-pantay na akses sa mahuhusay na guro at pinuno na sinusukat ayon sa datos ukol sa pagiging epektibo, pagtatagal sa trabaho, bilang ng hindi pagpasok, mga bakante, lisensyadong sertipikasyon, pagsasanay, propesyunal na pagpapaunlad, kakulangan sa karanasan, estado kung wala sa larangan, at iba pang katulad na mga indikasyon.

- Ibang Manggagawa sa Paaralan: Pantay-pantay na akses sa mahuhusay na manggagawang naglalaan ng napakahalagang suportang serbisyo na sinusukat sa sertipikasyon, pagsasanay, at mga taon ng karanasan ng kawani ng paaralan, kasama, halimbawa, ang mga librarian, kasusog na propesyunal, mga guidance counselor, at mga psychologist.

- Mga Pasilidad ng Paaralan: Pantay-pantay na akses sa maipagmamalaking pisikal na kapaligiran para sa pag-aaral na sinusukat ayon sa kasikipan, kalinisan, pagmimentina, pagpapainit at pagpapalamig, bentilasyon, ilaw, at pisikal na akses ng mga estudyanteng may kapansanan, ganoon din ang kalidad at pagkakaroon ng mga natatanging espasyo tulad ng mga laboratoryo, autitorium, at pasilidad para sa athletics.

- Teknolohiya at Mga Kagamitan sa Pagtuturo: Pantay-pantay na akses sa teknolohiya ng edukasyon tulad ng mga laptop, tablet, akses sa internet, at mga kagamitan sa pag-aaral tulad ng mga resource sa aklatan, textbook, calculator, at kagamitang digital.

***<u>Mga Hakbang na Maaaring Gawin ng Mga Estado, Distrito ng Paaralan, at Paaralan Upang Maipatupad ang Pagsunod sa Batas</u>***

- Ang mga Estado, distrito ng paaralan, at paaralan ay dapat gumamit ng datos, kasama ang datos na iniulat na nasa Koleksyon ng Datos ng OCR ukol sa Karapatang Sibil, upang pro-active at regular na mataya ang kanilang mga patakaran at kalakaran upang tiyakin ang pantay-pantay na akses sa ng mga estudyante sa mga resource ng edukasyon nang walang pagkiling sa lahi, kulay o banasa na pinagmulan.

- Ang mga Estado, distrito ng paaralan at paaralan ay maaaring mabigyan ng sinuring impormasyon, o ng mga isinasagawang istratehiya, ng Estado o ng distrito ng paaralan kaugnay ng mga obligasyon nito sa batas sa ilalim ng Panukala Ukol sa Elementarya at Sekundaryang Edukasyon at tiyakin na "ang mga batang mahihirap at nasa minorya ay hindi tinuturuan sa mas mataas na halaga kung ihahambing sai ibang mga bata ng mga gurong kulang ang karanasan, hindi kwalipikado, at wala sa larangan."

- Kabilang sa mga napakamahalagang hakbang na maaaring gawin ng mga Estado at distrito ng paaralan upang matiyak na pantay-pantay ang akses sa mga resource ng edukasyon ang:

  - ✓ Pagtatalaga ng empleyado na magsusulong ng pagsunod sa Pamagat VI at sa pagtataya kung pantay-pantay ang mga resource at magrerepaso sa mga patakaran na namamahala sa kung paano ipamamahagi ang mga resource sa mga paaralan at sa loob ng paaralan.

  - ✓ Pagtataya ng mga akses sa mga resource sa lahat at sa loob ng mga paaralan at agad na pagkilos at pagpapatupad ng mga epektibong hakbang para maiwaksi ang anumang di makatarungang hindi pagkakapantay-pantay, at paglalaan ng resources na inuuna ang mga estudyanteng higit na nangangailangan

  - ✓ Pagsasabi sa mga magulang, estudyante at miyembro ng komunidad tungkol sa mga malalapitan kapag may mga problema tungkol sa akses sa mga resource at pakikipag-usap sa mga guro, kawani, unyon, at iba pang sangkot sa pagtugon sa mga hindi pagkakapantay-pantay ng mgaesource.

  - ✓ Pagkilos tungo sa hakbang na pro-active upang matukoy ang hindi pagkakapantay-pantay sa akses sa mga resource sa lahat at sa loob ng mga paaralan, at tugunan ang mga gayong hindi pagkakapantay-pantay.

Mga karagdagang istratehiya upang matiyak na pantay-pantay ang akses ng mga estudyante sa mga resources ng edukasyon nang walang pagkiling sa lahi, kulay, o bansa na pinagmulan na

tinutukoy sa Oktubre 1, 2014 na Liham para sa Mahal na Kasamahan Ukol sa Paghahambing ng mga Resources mula sa OCR, makikita ito sa OCR website sa http://www.ed.gov/ocr/letters/colleague-resourcecomp-201410.pdf, at isang listahan ng karagdagang pagkukunan ng mga tulong na teknikal na makikita sa http://www.ed.gov/ocr/resourcecomparability.html.

Kung mayroon kayong tanong, nangangailangan ng karagdagang impormasyon o tulong na teknikal, o naniniwalang nilalabag ng paaralan ang federal na batas, maaari ninyong puntahan ang website ng OCR sa www.ed.gov/ocr or tumawag sa OCR sa (800) 421-3481 o sa ocr@ed.gov. Maaari rin ninyong punan ang online na form para sa reklamo sa www.ed.gov/ocr/complaintintro.html.